# COVID-19 & Tuberkulosis

Dahil sa coronavirus (o COVID-19) pandemya mas naging prayoridad ng Maryland ang pag-iwas/paggagamot ng tuberkulosis (o TB).

## Ano ang COVID-19?

- Ang COVID-19 ay isang sakit sa paghinga na sanhi ng virus na maaaring maipasa sa pamamagitan ng tao sa tao. Ang virus na ito ay maaaring maging sanhi ng malubhang sakit at nagresulta na rin ito sa milyon-milyong pagkamatay sa buong daigdig. Walang pang agarang lunas para COVID-19.

## Ano ang Tuberkulosis o TB?




- Ang TB ay isang seryoso at kadalasan ay nakamamatay na sakit sa paghinga (sanhi ng bakterya) na ang kadalasang inaatake ay ang baga, ngunit maaari ring makaapekto sa iba pang parte ng katawan.
- **May dalawang uri ng TB — latent TB infection & active TB disease.**
  - Kung meron kang **latent TB infection,** maaari kang makahawa sa iba. Maaari itong maging **active TB disease.**
  - Ang TB na sakit ay maaring maipasa sa iba kung hindi magagamot.
  - Ang parehas na uri ng TB ay maaaring magamot.

### Magkaparehong Sintomas

- **Ang PAREHONG COVID-19 & TB ay maaaring magdulot ng:**
  - **pag-ubo**
  - **hirap sa paghinga**
  - **lagnat**
  - **panginginig**

**Maikakalat kung ang nahawaang tao ay bumahing, umubo, atbp.**

### Karagdagang mga Sintomas ng COVID-19

- Ang sintomas ay maaaring mabuo sa loob ng **2-14 ka araw matapos mahawa.**
- Iba pang mga sintomas:
  - bagong pagkawala ng lasa o pang-amoy
  - namamagang lalamunan at paninikip/sipon
  - pagduduwal o pagsusuka
  - pananakit ng katawan o kalamnan pagtatae

### Karagdagang mga Sintomas ng sakit sa TB

- Ang sintomas ay maaaring mabuo **pagkalipas ng ilang linggo hanggang ilang taon kapag hindi nalunasan para sa latent TB infection.**
- Iba pang mga sintomas:
  - pagpapawis sa gabi at paulit- ulit na pananakit ng dibdib
  - pag-ubo ng dugo o plema
  - hindi inaasahang pagbaba ng timbang o pagod

### Sino ang mga may mataas na panganib sa TB?

- Mga taong naranasang **tumira o nakabisita sa ibang bansa** maliban sa US, Canada, Australia, New Zealand, o Kanluran/Hilaga Europe.
- Mga mayroong **mahinang resistensya** (hal. HIV, organ transplant, kanser, diabetes, paggamit ng medikasyon na nakakaapekto sa resistensya, atbp).
- **Malapitang pakikisalamuha** sa sino mang may sakit na TB.
- Kasaysayan ng **kawalan ng tirahan/pagkakulong.**

### Paano Protektahan ang Sarili at ang Iyong Pamilya

- Kung ikaw ay **may mataas na panganib sa TB**, mahalagang malaman ang iyong kalagayan at maipagamot kung ikaw ay may latent o active TB.
  - Ang **pagkakasakit dahil sa COVID-19 habang mayroong TB** ay maaring mapunta sa mas malalang komplikasyon.
  - **Mahigpit na sundin ang iyong pagpapagamot para sa TB** base sa inutos ng iyong doktor.
- Ugaliing isagawa ang mga pag-iingat sa COVID-19 (pagdistansya sa kapwa at pagtakip ng mukha).
- Maghugas ng kamay ng madalas at disimpektahin ang paligid.
- Iwasang hawakan ang mukha kung hindi naka paghugas ng kamay.
- **Tawagan ang iyong doktor** o ang iyong **lokal na kagawaran ng kalusugan kung** ikaw ay may sintomas.
- Tumugon agad sa mga katanungan tungkol sa contact tracing.



### Saan Maaaring Makapagpa-test/Iba pang mga Impormasyon

**Pagpapatest para sa COVID-19:** Tumawag sa 211 o Bisitahin ang https://coronavirus.maryland.gov/pages/symptoms-testing#locator

**Karagdagang impormasyon para COVID-19 sa Maryland:** https://coronavirus.maryland.gov/

**Karagdagang impormasyon para TB sa Maryland:**
- https://phpa.health.maryland.gov/oidpcs/ctbcp/pages/home.aspx


Inangkop na may pahintulot mula sa Los Angeles County Department of Public Health TB Control Program

*MDH Center para sa Pagkontrol ng TB at Pag-iwas Nobyembre 2020*